

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

2005 Summer Muza Kawasaki

(サマーミュージア 川崎 2005 について)

196

Ang Summer Muza Kawasaki ng taong 2005 ay ipagdiriwang mula ika- 23 ng Hulyo hanggang ika-8 ng buwan ng Agosto. Ihahandog ang piyestang ito ng may siyam na orkestra at labing dalawang maestro. Magpapalabas ang mga sumusunod na grupo: Tokyo Symphony Orchestra, Tokyo Metropolitan Symphony Orchestra, Kanagawa Philharmonic Orchestra, Yomiuri Nippon Symphony Orchestra, Tokyo Philharmony Orchestra, NHK Orchestra, Tokyo City · Philharmonic Orchestra, New Japan Philharmony Symphony.

Ang Summer Muza Kawasaki 2005 ay naglalayong mahikayat ang mas marami at iba't ibang mamamayan na tangkilikin ang klasikong musika. Ito ay maingat na binuo ng may pitong uri/puntos ng programa:

Unang puntos: Pagtatanghal ng maaga sa oras ng ika-2:00 ng hapon at ika-3:00 ng hapon.

Pangalawang puntos: Panandaliang orkestra at konsiyerto para sa mga madaling antukin.

Pangatlong puntos: Naghanda ng pagtatanghal sa oras ng alas 8:00 ng gabi para sa mga may dates at tamang-tama sa oras ng pag-uwi mula sa trabaho.

Pang-apat na puntos: Mapapanood sa malawak at maaliwalas na acoustic design sa istilong vineyard ung saan ang stage ay napapalibutan ng mga upuan ng manonood. Mayroon ding pipe organ kung saan ito ay binubuo ng 5248 piraso na gawa ng Orgelban Kun AG ng Switzerland.

Pang-limang puntos: Konsiyertong inilaan para sa mga mag-anak kung saan ang mga bata ay nasa bakasyon(summer vacation).

Pang-anim na puntos: Bukas para sa publiko ang panonood sa mga ensayo at tunay na pagtatanghal.

Pampitong puntos: Isa-isang magtatanghal ang labing dalawang maestros.

Tumawag sa Muza Kawasaki Symphony Hall sa numerong 044-520-0200 mula ika-10 ng umaga hanggang ika-6 ng hapon para sa pag-aplay ng tiket. Makakakuha din ng tiket mula sa Pia, Lawson, CN Play Guide at ibapa pati na rin sa tanggapan ng Symphony Hall mula alas 10 hanggang alas 7 ng gabi.

197

Drama kuha mula sa iba't ibang lugar ng Kawasaki

(川崎市総合 DVD・ビデオについて)

Narito na at mapapanood na sa ginawang Pelikulang pinamagatang "Kawasaki Holiday" upang maipakilala hindi lamang sa mga hapon kundi pati na rin sa mga taga-ibang bansa ang kagandahan ng Siyudad ng Kawasaki! Ito ay pagpapatunay na mapapakinabangan sa pagpu-promote (PR) sa mga kalapit bansa at sa iba't ibang rehiyon at lugar ng turista sa loob ng bansang Hapon.

Ang Dramang ito ay makapagpapa-alala sa sikat na pelikulang "Roman Holiday". Ito ay 20 minutong drama kung saan nag-umpisa sa estudyanteng nakatira sa Shinyurigaoka ng Odakyu Line. Dala ng pagkakataon o sa kabutihang palad ay nakakilala siya ng isang Koryana na dumating sa bansang Hapon bilang manggagawa sa opisina ng IT industry. Sa kanilang pamamasyal na gamit ang motorsiklo ay nagkagustuhan sila ka-ugnay ang pagpapatingin sa iba't ibang lugar gaya ng Okamoto Taro Museum, the Japanese Folk Park, Muza Kawasaki, Cinecitta at iba pang bantog na lugar sa Kawasaki na naging bahagi ng kanilang pag-iibigan.

Inaasahang mula ngayon ay mapaparami ang mga bisitang dayuhan dahil na rin sa pag-papa-internalisasyon ng Haneda Airport at pati na rin ang Asia Venture Business Town sa coastal area ng Kawasaki.

Salamat sa kooperasyon ng KfV, mga boluntaryong halos binubuo ng mga mamamayang Hapon.

Ang Drama ay may kopya sa wikang Intsik, Ingles at Koryano.

Para sa mga taga-ibang bansa, muling madidiskubre ang kagandahan ng Kawasaki. Magagamit din ang dramang ito sa pag-aaral ng wikang Hapon.

Ang bideo at DVD ay mabibili sa halagang 2,000 yen. Sa mga nais magkaroon ng kopya ay mangyaring kumontak sa Kawasaki City Tourist Cooperation Group sa numerong 044-544-8229.

Kawasaki Multicultural Symbiotic society Promotion Plan

(川崎市多文化共生社会推進指針について)

Ang pangunahing layunin ng Kawasaki Multicultural Symbiotic Society Promotion Plan ay ang paggamit ng kayamanan ng kultura ng iba't ibang bansa, mga taga-ibang bansa at nasyonalidad tungo sa pagkaka-unawaan ng bawat mamamayan, maayos na pamumuhay na may paggalang sa karapatan bilang tao, pagtanggap sa kaibahan ng bawat isa at pagiging mabuting mamamayan.

Ang Kawasaki ay nagtatag ng Siyudad ng Kalakalan mula sa panahon ng 1900's. Mula noon hanggang ngayon karamihan sa mga mamamayang nagmula sa iba't ibang panig ng bansang Hapon maging sa ibayong dagat lalong-lalo na sa bansang Korea ay lumipat upang manirahan sa Kawasaki. Itinuturing itong utang na loob sa mga bagong salta sa Siyudad na naging ugat ng pagiging matatag at matagumpay na pakikipagsalamuha sa iba't ibang uri ng kultura.

Upang maipagpatuloy at lalo pang mapaunlad at ma-improve ang respeto sa karapatang pang-tao, at upang magtagumpay sa pagtatag ng lipunan kung saan maaaring mamuhay ng maayos, makatarungan, pantay-pantay at walang pag-iimbot, katulad ng Hilaga at Kanlurang Korya at iba pang nasyonalidad, kinakailangan ang patuloy na paghahangad sa pagpapabuti at pagbabago ng sistema upang mabigyan ng liwanag ang pananaw ng mga mamamayan.

Naging isang importanteng usapin sa Kawasaki ang kapaki-pakinabang na sosyedad na may iba't ibang kultura sapagkat kapansin-pansin ang pagdagsa ng mga dayuhang nais manirahan dito sa Siyudad ng Kawasaki. At dahil sa magkaka-ibang kultura, kaugalian at nasyonalidad, importante ang magkaroon ng kakayahang mamuhay ng maayos sa pagkilala ng kaibahan ng bawat kultura, paggalang sa human rights atbp upang maabot natin ang matatag na lipunan at kayamanan sa kultura. Upang maisa-katuparan ito, itinatag ang **Kawasaki Multicultural Symbiotic Society Promotion Plan**. Ito ay itinatag sa pamamagitan ng kooperasyon ng mga mamamayan, business men (mangangalakal) grupong boluntaryo at ibapa. Magbubuo ito ng mga batayan, patakaran at mga panukalang naaayon sa mga dayuhang naninirahan sa Kawasaki.

Maaaring matunghayan ang **Kawasaki Multicultural Symbiotic Society Promotion Plan** sa mga opisina ng mamamayan, munisipyo at mga sangay nito, mga aklatan (library) at iba pang malalaking pasilidad sa Siyudad. Ipamimigay din ang kopya ng kabuuan ng plano.

Sa inyong mga katanungan, makipag-ugnayan sa Foreign Citizens Policy sa Human Rights and Gender Equality Office Citizens Affairs Bureau sa numerong 044-200-2369.

Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika:

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Oras ng Konsultasyon:

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>